
Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

**8 Disyembre** **Dakilang Kapistahan ng Kalinis-linisang Paglilihi sa Mahal na Birheng Maria**

ARAW NG PASASALAMAT SA PILIPINAS

## *Inang Karapat-dapat sa Anak ng Diyos*



*Ang Kalinis-linisang Paglilihi kay Maria ay mahalagang bahagi ng plano ng Diyos sapagkat Si Maria ang unang nagtamasa ng bunga ng kaligtasang handog ni Hesus sa sanlibutan. Si Maria ang huwaran ng tunay na paghahanda sa pagdating ng Panginoon, anupa't tularan nating ang Kanyang kababaang-loob, panalangin, at pagsunod sa kalooban ng Diyos. Sa pagsundo sa Kanyang halimbawa, matatamasa natin ang Presensya ng Diyos sa ating buhay.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Nagagalak ako sa D'yos**
**na sa akin ay nagsuot**
**ng damit ng pagkatubos**
**at ng kagandahang-loob**
**nang hirangin akong lubos.**

***(Isa 61,10)***

### Pagbati

***P*–**Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo ay sumainyong lahat.
***B*– At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P* –**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayo sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Manahimik saglit.)*
***P* –** Panginoon, hinirang mo kaming maging banal at dalisay sa iyong harapan. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*–**Panginoon, nais mo kaming mapuspos ng pagmamahal at maging tagapaghatid ng kapayapaan sa lipunan. Kristo, kaawaan mo kami.
***B* –Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*–** Panginoon, itinangi mo si Mariang Kalinis-linisan upang maging ina rin namin. Panginoon, kaawaan mo kami.
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* –Amen.**

### Papuri

***B* –**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, para sa iyong Anak ay inilaan mong maging marapat na tahanan

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

ang Mahal na Birheng ipinaglihing walang minanang kasalanan at siya'y ibinukod mo para huwag madamay sa pagkamasuwayin ng lahat pakundangan sa kamatayang aakuin ng iyong Anak. Bilang tugon sa kanyang pagdalangin, loobin mong kami'y maging dalisay upang kami'y maging dapat na makadulog sa iyong harapan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa *Gen 3, 9-15.20*

*Hindi pinabayaan ng Diyos sina Adan at Eba pagkatapos ng kanilang unang pagkakasala. Bagkus sa Kanyang pagmamahal, nangako Siya na isang taong luwal ng isang "babae" ang dudurog sa ulo ng ahas. Ang ganitong mensahe ng pag-asa ay nagkatotoo sa Kalinis-linisang Paglilihi kay Maria.*

Pagbasa mula sa aklat ng Genesis

**Pagkakain ni Adan sa bunga ng puno, tinawag siya ng Panginoon at tinanong, "Saan ka naroon?"**

**"Natakot po ako nang marinig ko kayong nasa hardin; nagtago po ako sapagkat ako'y hubad," tugon ng lalaki. "Sino'ng may sabi sa iyong hubad ka?" tanong ng Diyos. "Bakit, kumain ka ba ng bungang ipinagbabawal ko?"**

**"Kasi, pinakain po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin," tugon ng lalaki. "Bakit mo naman ginawa iyon?" tanong ng Diyos sa babae. "Mangyari po'y nilinlang ako ng ahas, kaya ako natuksong kumain," tugon naman niya.**

**At sinabi ng Panginoon sa ahas: "Sa iyong ginawa'y may parusang dapat, na tanging ikaw lang yaong magdaranas; ikaw ay gagapang, ang hatol kong gawad, at alikabok ang pagkaing dapat. Kayo ng babae'y laging mag-aaway, binhi mo't binhi niya'y laging maglalaban. Ito ang dudurog ng ulo mong iyan, at ang sakong niya'y ikaw ang tutuklaw."**

**Eba ang itinawag ni Adan sa kanyang asawa, sapagkat ito ang ina ng sangkatauhan.**

Ang Salita ng Diyos.

*B* – **Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan

*Sal 97, 1. 2-3ab. 3kd-4*

*B* – ***Umawit sa D'yos ng awa, ang gawain n'ya'y dakila.***

*R. M. Velez*




* **Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay, pagkat yaong ginawa niya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan, walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay. *B.***

* **Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas. Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad. *B.***

* **Tapat siya sa kanila at ang pagibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas! Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig; ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit! *B.***

### Ikalawang Pagbasa

*Ef 1, 3-6, 11-12*

*Pinupuri ni San Pablo ang Diyos sa pagpapalang Kanyang ipinagkaloob sa lahat ng sumasampalataya. Ang pahayag na ito ay tumutukoy kay Mariang Kalinis-linisan, ang babaeng hinirang na maging Ina ng Anak ng Diyos.*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

**Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo.**

**At sa atin ngang pakikipagisang ito, hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Hesukristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!**

**At dahil kay Kristo, kami'y naging bayan ng Diyos na nagsagawa ng lahat ng bagay ayon sa kanyang panukala at kalooban. Nangyari ito nang kami'y hirangin niya noon pang una – kaming mga unang umasa kay Kristo – sa lalong ikadadakila niya.**

Ang Salita ng Diyos.

*B* – **Salamat sa Diyos.**

### Aleluya *Lc 1, 28*

*B* – **Aleluya! Aleluya!**
**Aba, Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya,**
**D'yos ay kapiling mo t'wina.**
**Aleluya! Aleluya!**

### Mabuting Balita *Lc 1, 26-38*

*Ang sipi ng Mabuting Balita ngayon ay karaniwang tinuturing "Ang Pagpapahayag." Taglay nito ang unang pagpapahayag ng "Dakilang Balita" at ipinakikita nito ang di karaniwang papel ni Maria sa katuparan ng plano ng Diyos.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea, sa isang dalaga na ang pangala'y Maria. Siya'y nakatakdang ikasal kay Jose, isang lalaki buhat sa lipi ni Haring David.**

**Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati niya ito. "Matuwa ka! Ikaw ay kalugudlugod sa Diyos," wika niya. "Sumasaiyo ang Panginoon!" Nagulumihanan si Maria sa gayong pangungusap, at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon. Kaya't sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Maria, sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos. Makinig ka! Ikaw**

**ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki, at siya'y tatawagin mong Hesus. Magiging dakila siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang Amang si David. Maghahari siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang kanyang paghahari ay walang hanggan."**

**"Paanong mangyayari ito, gayong ako'y dalaga?" tanong ni Maria. Sumagot ang anghel, "Bababa sa iyo ang Espiritu Santo, at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Kaya't banal ang ipanganganak mo at tatawaging Anak ng Diyos.**

**Natatandaan mo ang iyong kamag-anak na si Elisabet? Alam ng lahat na siya'y baog, ngunit naglihi siya sa kabila ng kanyang katandaan. At ngayo'y ikaanim na buwan na ng kanyang pagdadalantao – sapagkat walang hindi mapangyayari ang Diyos."**

**Sumagot si Maria, "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi." At nilisan siya ng anghel.**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

*P* – Puspos tayo ngayon ng kagalakan dahil sa kabatirang mahal na mahal tayo ng ating Kalinis-linisang Inang handang tumulong sa atin. Idulog natin sa Panginoon ang ating mga kahilingan nang buong pananalig sa pamamagitan ni Mariang Kabanal-banalan.

*B* – **Panginoon, dinggin Mo kami.**

* Para sa Simbahang Katolika: nawa'y tuwinang masalamin sa kanya ang kabanalan ni Mariang Kalinis-linisan sa mundong nababalot pa ng pagkakasala. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng nagmamahal kay Mariang Kabanal-banalan: nawa'y ang pagpaparangal nila sa Kanya ay lakipan nila ng pagsasabuhay sa Kanyang mga halimbawa. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga Kristiyanong di tumatanggap sa dogma ng Kalinis-linisang Paglilihi kay Maria: nawa'y maunawaan din nila balang araw na ang turo ng Simbahan tungkol kay Maria ay pagpapahayag ng pananampalataya sa lubusang pagmamahal ng Diyos. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa ating mga kabataan: nawa'y ang halimbawa ng ating Mahal na Ina ay maging gabay nila sa malinis na pamumuhay at inspirasyon nila upang tumawag sa Kanya sa mga oras ng panganib. Manalangin tayo. ***B.***

*P* – Panginoong Diyos, hilumin Mo kami ng Iyong pagmamahal, palakasin Mo kami ng Iyong biyaya, at akayin Mo kami sa Iyo sa tulong ni Maria, Ikaw na nabubuhay magpakailanman.

*B* – **Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo. . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

*P* – Ama naming Lumikha, ang handog na nagliligtas ay aming inihahain sa iyong dambana ngayong dakilang kapistahan ng Kalinis-linisang Paglilihi sa Mahal na Birhen. Tanggapin mo ito at ipagkaloob mo pakundangan sa kanyang kahilingan na katulad ng pagkasagip mo sa kanya sa pagkasangkot sa pagsuway ng tanan kaming mga sumasampalataya sa iyong kaloob sa kanya ay mahango sa tanang kasalanan. Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen.**

### Prepasyo: Ang Misteryo ni Maria at ng Sambayanan

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

*B* – **Itinaas na namin sa Panginoon.**

*P* – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

*B* – **Marapat na siya ay pasalamatan.**

*P* – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Di mo itinulot masangkot sa dating pagsuway ang Mahal na Birheng kabanal-banalan na iyong lubos na kinalulugdan upang sa Anak mo'y siya ang magluwal. Sa kanya'y mababanaag ang Sambayanang kabyak na dalisay at walang bahid-kataksilan laang magbigay nang puspos kalinisan sa mga nananabik sa Anak mong mahal na Korderong nag-aalis sa aming kasalanan. Ang Mahal na Birhen nga'y iyong inilaang maging katuwang at huwaran sa katapatan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

*B* – **Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Paksang isinasalaysay
ang iyong kadakilaan,
O Maria Birheng Mahal,
'pagka't ikaw ang nagluwal
sa araw ng kaligtasan.**

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** –Ama naming mapagmahal, ang tinanggap namin ngayong banal na pakikinabang ay lumunas nawa sa mga sugat na likha ng kasalanan na di mo itinulot manahin ni Mariang Birheng mahal na ipinaglihing may tanging kadalisayan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen.**

## PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.
***B*** **–At sumaiyo rin.**
***P*** –Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik sandali.)*
–Ang Anak ng Diyos na isinilang ng Mahal na Birheng Maria ang siyang tumubos sa sangkatauhan. Pagpalain niya nawa kayong lahat.
***B*** **–Amen.**

***P*** –Tinanggap ninyo ang maylikha ng buhay sa pamamagitan ni Maria. Lagi nawa kayong managana sa kanyang masintahing pagkalinga.
***B*** **–Amen.**

***P*** –Naparito kayo upang ipagdiwang ang kapistahan ni Maria. Mapuspos nawa kayo ng kagalakan ng Espiritu at ng mga biyaya kasama ng inyong mga mahal sa buhay.
***B*** **–Amen.**

***P*** –Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*** **–Amen.**

***P*** – Humayo kayo sa kapayapaan at paglingkuran ang Panginoon tulad ng ginawa ni Maria.
***B*** **–Salamat sa Diyos.**










WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

***Editor's Note:*** Mary – under her title of "Immaculate Conception" – is the Principal Patroness of the Philippines. Thus, today, the Solemnity of the Immaculate Conception, "in all cathedrals and parish churches, the consecration of the Philippines to Mary Immaculate is to be prayed according to the approved formula." *(See ORDO.)*

## PANALANGIN NG PAGHAHANDOG AT PAGTATALAGA SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA

Mahal na Ina ni Hesus at aming Ina, buong pagtitiwalang lumalapit kami sa Iyo. Dala-dala namin sa Iyong harapan ang aming mga hangarin, pag-asa, at lahat ng hirap at pangamba ng aming sambayanan. Sa iyong Kalinis-linisang Puso, itinatalaga at ipinagkakatiwala namin ang aming sarili—yakapin mo kami ng Iyong pagmamahal, O aming Ina, at kupkupin sa iyong mapaglingap na mantel.

Kalinis-linisang Puso ni Maria, nais naming makiisa sa pagtatalaga ni Hesus sa Kanyang Ama sa langit, nang ialay Niya ang Kanyang buhay para sa aming kaligtasan. Nagdulot ito ng kapatawaran ng kasalanan, awa at kaligtasan mula sa kasalanan para aming lahat. Napawi nito ang kasamaang nagpapadilim sa mga puso nami't sa kasaysayan. Si Hesus at kami ay Iyong pagbuklurin upang mabahaginan kami ng biyaya ng Kanyang Pagpapakasakit, Kamatayan, at Muling Pagkabuhay.

Kalinis-linisang Puso ni Maria, habang ipinagkakatiwala namin sa Iyo ang aming mga sarili, tulungan mo kaming maisabuhay nang tapat araw-araw ang pagtatalaga ni Hesus. Ilayo mo kami sa kapangyarihan ng lahat ng uri at anyo ng kasalanan sa aming buhay na personal at sa lipunan. Tulungan mo kaming magsikap na itaguyod sa aming bayan ang pagkakaisa, katarungan, at pag-ibig, sa tulong ng Espiritu ni Hesus.

Nawa sa pamamagitan ng iyong mapanaliinging pagtulong, mahayag sa kasaysayan ng aming sambayanan ang walang hangganang kapangyarihan ng maawain at mapagmahal na Diyos. Nawa'y baguhin nito ang aming mga puso ayon sa wangis ng Sugatang Puso ni Hesus at ng iyong Kalinis-linisang Puso.

Sa pagtatalaga naming sa Iyo, nawa'y maging tunay kaming *pueblo amante de Maria*—isang bayang labis na umiibig sa iyo, bayang sa bawat araw ay higit mong inaangkin, ini-ingatan, at minamahal sa iyong Kalinis-linisang Puso. AMEN.